



SERBISYONG PARA SA PAGGAMOT NG TUBERCULOSIS (DOTS PROGRAM FOR TB, TB IN CHILDREN AND MULTI-DRUG RESISTANT TB)

TUNGKOL SA SERBISYO

- Para kanino at ano ang serbisyo?
 - Ang Tanggapan ng Pambayang Manggagamot ang namamahala sa programa ng DOH kontra TB sa antas na local.
 - Layunin ng programa ang tukuyin at gamutin ang mga pasyenteng may sakit na Tuberculosis
 - Libre ang mga gamot at gamutan para sa Tuberculosis
 - Ang maaaring makatanggap ng serbisyong ito ay ang mga mamamayan ng Quezon, Quezon; bata man o matanda; permanente man o pansamantalang residente; na magkakaroon ng mga sumusunod na sintomas at mapapatunayang mayroon ngang sakit na Tuberculosis
 - Ubo nang 2 linggo o higit pa
 - Lagnat
 - Di maipaliwanag na pagbaba ng timbang
 - Hindi maipaliwanag na hindi pagbigat ng sanggol/bata
 - Pananakit ng likod o dibdib
 - Plemang may bahid na dugo o pag-ubo ng dugo
 - Kawalan ng ganang kumain
 - Madaling pagkapagod
- Schedule ng Serbisyo
 - RHU Main
 - Araw-araw sa oras ng regular na konsultasyon para sa unang konsulta
 - Tuwing ikalawang Martes ng buwan – check-up ng naggagamutan na ng DOTS
 - Pagbibigay at direktang pagpapainom ng gamot: 8:00am; Lunes hanggang Biyernes
 - BHS
 - Sa panahon ng buwanang paggdalaw ng mga midwife sa kanilang nasasakupang area
 - Pagbibigay at direktang pagpapainom ng gamot: araw-araw ayon sa usapan ng pasyente at kanyang treatment partner (sa linang)

KABUUNANG ORAS NA GUGUGULIN PARA SA SERBISYO: 45 minuto hanggang 1 oras

MGA HAKBANG NA SUSUNDIN	ORAS SA BAWAT HAKBANG	TAONG NAMAMAHALA
Registration: Aalamin at tutukuyin ng Midwife on Duty, Nurse o RN HEALS ang kabuuang datos ng pasyente at isulat ito sa talaan/record/chart. Dito na rin tutukuyin ang vital signs ng pasyente	5 minuto	Ayra Diana D.Cantos , RN Public Health Nurse NTP-TB DOTS Coordinator
Pagpapayo para sa Pagkolekta ng Plema: Matapos ang masusing eksaminasyon sa pasyente at matutukoy na nangangailangan itong masuri para sa sakit na TB, ito ay tuturuan kung papaano ang pagkolekta ng kanyang plema.	5 minuto	

<p>Pagkolekta at Pagsuri ng Plema: Ang Health Personnel on Duty ay kokolekta ng plema mula sa pasyente at siya niyang ipapasa sa Microscopist para suriin.</p> <p>Sasabihin sa pasyente kung kailan lalabas ang resulta ng eksaminasyon.</p> <p>Susuriin ng Microscopist ang plema ng pasyente ayon sa Standard Operating Procedure</p>	<p>5 minuto</p>	<p>Ayra Diana D. Cantos , RN Public Health Nurse NTP-TB DOTS Coordinator</p> <p>Diosa O. Fuertes, RM Midwife 2 Microscopist</p>
<p>Enrollment ng Pasyente sa NTP: NTP Coordinator/Health Personnel on Duty:</p> <ul style="list-style-type: none"> • Ang pasyenteng matutukoy na positibo sa TB base sa resulta ng pagsusuri ng plema, X-ray, pagsusuri ng MHO/MD at rekomendasyon ng TBDC ay ipapasok sa programa • Gagawan ng NTP record/card ang pasyente at bibigyan ito ng sarili niyang kopya • Bago umpisahan ang mismong gamutan, magsasagawa ng TB health education session/TB DOTS orientation para sa pasyente at mga kaanak/kasama nito • Bibigyan ang pasyente ng unang dosage ng kanyang mga gamot para sa TB. Sa harap mismo ng health worker iinumina ng pasyente ang gamot. • Papayuhan ang pasyente tungkol sa kanyang pang araw araw na gamutan, supply ng gamot, schedule ng check-up at schedule ng pagpasa ng follow-up na eksaminasyon ng plema. 	<p>30-45 minuto</p>	<p>Ayra Diana D. Cantos , RN Public Health Nurse NTP-TB DOTS Coordinator</p> <p>Jeremiah Carlo V. Alejo,MD,MCD Municipal Health Officer</p>